# Sentro ng Pagbawi sa Sakuna Magbubukas sa Suwannee County

**Release Date: October 18, 2023**

**LAKE MARY, Fla.** – Ang Estado ng Florida at FEMA ay nagpapatakbo ng isang Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) sa Suwannee County upang magbigay ng isa-sa-isang tulong sa mga taong naapektuhan ng Bagyong Idalia.

**Suwannee County: Patlang ng Alaala,** 617 Abenida ng Ontario sa Timog-Kanluran sa Live Oak.

Ang oras ay 9 n.u. hanggang 6 n.g., Lunes-Sabado, sarado ng Linggo.

Mga lugar na kasalukuyang bukas:

- **Citrus County:** Aklatan ng Crystal River, 8619 Kanlurang Kalye ng Crystal, Crystal River. 9 nu-7ng Lunes-Miyerkules, 9am-5pm Huwebes-Biyernes, Sarado ng Sabado-Linggo **(permanenteng magsasara ng 5 n.h. Biyernes, Oktubre 27.)**
- **Columbia County**: 180 Silangang Kalye ng Duval, Lake City, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Dixie County**: Pampublikong Aklatan ng Dixie County, 16328 Timog-Silangan US-19, Lungsod ng Cross City, 9 n.u. hanggang 8 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Gilchrist County:** Himpilan ng Bumbero sa Gilchrist County #4, 6980 Timog-Kanlurang Abenida ng ika-70 sa Trenton. 9 n.u. hanggang 6 n.g. Martes, Oktubre 17 hanggang Sabado, Oktubre 21.
- **Hamilton County**: 1153 Hilagang-Kanluran US Hwy 41, Jasper, 9 n.u. hanggang 6 n.g., Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Hernando County**: Sangay ng Pampublikong Aklatan sa Hernando, 9220 Daan ng Spring Hill, Spring Hill, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo.
- **Jefferson County**: Aklatan ng Jefferson County, 375 Timog Kalye ng Water, Monticello, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, closed Sunday

- **Lafayette County**: Sentro ng Komunidad ng Mayo, 150 Hilagang-Kanlurang Bilog ng Komunidad, Mayo, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Biyernes, 9 n.u. hanggang 1 n.h. Sabado, sarado ng Linggo
- **Madison County**: Pinagmumulan ng Karera sa Hilagang Florida, 705 Silangang Kalye ng Base, Madison, 8 n.u. hanggang 8 n.g. araw-araw
- **Manatee County:** Sentro ng Komunidad ng Rubonia, 1309 Kalye ng ika-72 sa Silangan, Palmetto, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo **(permanenteng magsasara ng 6 n.g. Oktubre 20)**
- **Pasco County**: Pang-rehiyon na Kanlungan sa Bagyo ng Fasano, 11611 Abenida ng Denton, Hudson, 9 n.u. hanggang 7 n.g. araw-araw, **(permanenteng magsasara ng 7 n.g. Oktubre 28)**
- **Taylor County:** Sentro ng Komunidad ng Steinhatchee, 1013 Timog na Daan ng Riverside, Steinhatchee, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo

Hindi kinakailangan ang appointment para bumisita sa isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna. Ang mga residente ay inaanyayahang bumisita sa kahit anong bukas na DRC, hindi mo kailangang manirahan sa county nito.

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ay nagbibigay sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa pang-estadong ahensya ng Florida, sa FEMA, at sa U.S. Small Business Administration (Administrasyon ng Maliliit na Negosyo). Ang mga nakaligtas ay maaaring kumuha ng tulong sa pag-aapply para sa pederal na tulong, matutunan ang tungkol sa mga uri ng tulong na makukuha, matutunan ang tungkol sa proseso ng apela at makakuha ng update sa aplikasyon.

Bilang karagdagang sa pagbisita sa isang sentro, ang mga tao ay maaaring mag-apply sa pamamagitan ng pagpunta sa online sa DisasterAssistance.gov, gamit ang mobile app ng FEMA mobile app o sa pagtawag sa 800-621-3362, 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras araw-araw. Ang tulong ay maaaring makuha sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng video relay (VRS o serbisyo ng relay sa bidyo), naka-caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay mo sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Ang huling araw para mag-apply sa FEMA ay Nobyembre 29, 2023.

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ay maaaring magamit ng mga taong may kapansanan. Mayroon silang kagamitan na may pantulong na teknolohiya na magagamit ng mga nakaligtas sa sakuna na makipag-ugnayan sa mga tauhan. Ang Video Remote Interpreting (pagsasalin gamit ang remote na bidyo) ay maaaring gamitin at ang sa-personal na wikang pasenyas ay magagamit sa pamamagitan ng kahilingan. Ang mga sentro ay mayroong naa-access na paradahan, mga rampa, at mga banyo.

Ang Tulong Pang-Indibidwal ng FEMA ay kayang tumulong sa mga gastos sa pansamantalang matutuluyan, pangunahing pagpapagawa ng bahay at iba pang mahalagang pangangailangan na may kaugnayan sa sakuna.

Para sa naa-access na bidyo tungkol sa kung paano mag-apply para sa tulong, pumunta sa Tatlong Paraan para Magrehistro para sa Tulong sa Sakuna ng FEMA - YouTube.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Idalia, bisitahin ang floridadisaster.org/updates/ at fema.gov/disaster/4734. Sundan ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter, sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.